



175TH STREET CORRIDOR IMPROVEMENTS PROJECT

Mga Madalas na Itanong | Tagsibol 2019

Bakit mahalaga ang 175th Street at bakit nito kailangan ng mga pagpapabuti?

Ang 175th Street corridor ay isa mga pinaka-aktibong daanan ng City of Shoreline mula silangan hanggang kanluran na kumokonekta sa mga pinakamataong daan mula hilaga hanggang timog: State Route 99/Aurora Avenue N, Interstate 5, at 15th Avenue NE. Kailangan ang mga pagpapabuti sa 175th Street Corridor sa pagitan ng Stone Avenue N at I-5 upang suportahan ang paglago sa hinaharap, panatilihin ang pagbiyahe at suportahan ang mga istasyon ng tren na magbubukas sa 145th street at 185th street. Ang kabuuang layunin ay gawing mas madali, mas ligtas, at mas maaasahan ang madalas na dinadaan na corridor na ito para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, nagmamaneho at bumibiyaha.

Anong mga klaseng pagpapabuti ang gagawin niyo sa 175th Street Corridor?

Wala pang napagpapasiyahan, ngunit nagsisimula na kami ng maagang pagkolekta ng impormasyon at pagbuo ng disenyo para maunawaan ang mga kasalukuyang kondisyon sa corridor upang makabuo ng paunang disenyo. Nasa mga unang bahagi pa lang kami ng proseso ng pagdisenyo, ngunit maaaring kabilang sa mga pagpapabuti ang mga paraan upang bawasan ang kasikipan ng trapiko, pagkompleto sa network ng mga bangketa, paggawa ng mga pasilidad para sa mga bisikleta na nasa corridor mismo o katabi nito, at pagbuo ng kabuuang disenyo na sumusuporta sa hinaharap na paglago sa mga komunidad na gumagamit ng 175th Street.

Ano ang timeline ng proyekto?

Sa buong 2019, magtatrabaho kami upang makabuo ng pinipiling konsepto ng disenyo. Makikipag-ugnayan kami sa komunidad upang magtipon ng feedback sa mga mahahalagang kaganapan sa buong proseso ng pagdisenyo.

Ano na ang nakompleto para matukoy ang mga kinakailangang pagbabago sa 175th Street?

Nagtatrabaho kami upang matukoy ang mga pangangailangan sa transportasyon para matugunan ang mga kailangan ng ating lumalaking komunidad. Bago pa namin sinimulang pag-isipan ang disenyo ng proyekto para sa 175th Street Corridor, inaaral na ng aming pangkat ang mga pattern ng daloy ng trapiko, sinusuri ang mga pangangailangan ng kaligtasan, at tinitingnan kung paano gagawing mas madali para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, nagmamaneho, at bumibiyaha na gamitin ang lahat ng ating corridor ng trapiko. Nakatulong ang mga mungkahi ng mga residente para sa ibang mga proyekto sa lugar na tukuyin ang mga priyoridad ng Lungsod at nakatulong ito sa pagtukoy ng 175th Street Corridor bilang isang priyoridad na proyekto sa [Pangkalahatang Plano sa Transportasyon \(Transportation Master Plan\)](#) ng Lungsod noong 2011. Natutugunan ng proyektong ito ang marami sa ating mga layunin sa transportasyon na tinukoy sa [Elemento ng Transportasyon sa Komprehensibong Plano \(Comprehensive Plan Transportation Element\)](#) noong 2012 at sa [Polisiya sa Mga Kumpletong Daan \(Complete Streets Policy\)](#), kung saan kabilang ang paggawa ng mas maraming mapagpipilian sa pagbiyahe, pagbibisikleta at paglalakad.

Ano ang mga inaasahang gastos at paano pinopondohan ang proyekto?

Pinopondohan ang proyekto sa pamamagitan ng kombinasyon ng mga pinagmulan, kabilang ang mga lokal na pondo, mga impact fee para sa transportasyon, at mga pederal na gawad. Mula noong natukoy ang 175th Street

Corridor bilang nangangailangan ng mga pagpapabuti noong 2016, humiling ang Lungsod ng gawad na pederal na pagpopondo para kompletuhin ang yugto ng disenyo at kapaligiran ng proyekto. Nakatanggap ang Lungsod ng pederal na gawad noong 2018 upang dagdagan ang pagpopondo para sa yugto ng disenyo at kapaligiran para sa 175th Street Corridor.

Paano makikilahok ang komunidad?

Nakatuon ang City of Shoreline sa makabuluhan at nakikipagtulungang pakikilahok ng publiko. Sa buong proseso ng pagdisenyo, magkakaroon ang publiko ng mga pagkakataong magbigay ng maaga at patuloy na feedback sa mahahalagang kaganapan. Makikipag-ugnayan kami sa mga malapit na kapitbahay, mga lokal na negosyo, mga organisasyon sa komunidad, at mga taong bumabiyaha sa corridor upang matulungan kaming maunawaan ang mga pangangailangan ng komunidad at mga ideya para sa hinaharap. Pananatilihin ng Lungsod ang regular na pakikipag-ugnayan ukol sa pagbuo ng disenyo at iuulat sa publiko kung paano sinama o hindi sinama ang kanilang feedback, at kung bakit.

Maapektuhan ba ng proyekto ang Ronald Bog at Ronald Bog Park?

Nakatuon kami sa pangangalaga ng kalapit na Ronald Bog, Ronald Bog Park, at iba pang likas na lugar. Ang 175th Street at Meridian Avenue N kung saan maraming bumabiyaha ay direktang katabi ng Ronald Bog at ang pasukan ng parke ay nasa 175th Street sa pagitan ng Meridian Avenue N at I-5. May mga natatanging hayop at natural na elemento sa lugar na ito. Ang ibig sabihin, dapat kaming mag-ingat para mapangalagaan sila habang binubuo ang disenyo ng proyekto at isinasagawa ang proyekto. Gusto rin naming tiyakin na manatiling mahalagang bahagi ng komunidad ang Parke, kung saan maaaring magtipon ang mga miyembro ng komunidad para makalapit sa tubig at maglibang kasama ang mga natural na elemento.

Ano ang mga inaasahang epekto ng proyekto sa mga ari-ariang katabi ng corridor?

Magkakaroon ang City of Shoreline ng mas mabuting pag-unawa ng mga epekto sa mga partikular na may-ari at umuupa habang isinasagawa ang yugto ng disenyo at kapaligiran ng proyekto. Isasama ng Lungsod ang mga apektadong may-ari at umuupa sa proyekto nang maaga sa proseso at maghahanap ng mga paraan para bawasan ang mga epekto nito.

Makipag-ugnayan sa amin

Para sa karagdagang impormasyon ng proyekto, bisitahin ang shorelinewa.gov/175corridor

Don Ranger

City of Shoreline, Project Manager

dranger@shorelinewa.gov

(206) 801-2457

若您希望與 Shoreline 市展開交流或 閱讀以其他語言寫成的文檔，請寄送您的請求及您的連絡資訊至下方所示的電子郵件地址，或撥電話 (206) 801-2700。

쇼어라인시(City of Shoreline)로 연락이요하시거나 문서를 다른 언어로 보시려면 연락 정보와 함께 요청 사항을 아래 이메일로 보내시거나 (206) 801-2700 으로 전화해 주십시오.

Nếu quý vị muốn liên lạc với Thành Phố Shoreline hoặc muốn xem một tài liệu bằng ngôn ngữ khác, xin gửi yêu cầu của quý vị cùng với thông tin liên lạc đến địa chỉ email dưới đây hoặc gọi điện thoại số (206) 801-2700.

Si le gustaría comunicarse con la Ciudad de Shoreline o revisar un documento en otro idioma, por favor envíe su solicitud junto con su información de contacto a la dirección de correo electrónico a continuación o llame al (206) 801-2700.

Kung nais niyong makipag-usap sa Lungsod ng Shoreline o rebyuhin ang dokumento sa ibang wika, pakipadala ang inyong kahilingan kasama ang impormasyong pagkokontakan sa inyo sa email address sa ibaba o tawagan ang (206) 801-2700.

Email: clk@shorelinewa.gov